



Blue Horizon: Ocean Relief through Seaweed Aquaculture (GEF ID: 10573)

Ang Pangunahing Buod ng Proyektong 'Blue Horizon' para sa mga Kasaping-Grupo (Stakeholders)

Plano ng Pilipinas sa Pakikipag-ugnayan sa mga Kasaping-Grupo (Philippines Stakeholder Engagement Plan)

Ang dokumentong ito ay naglalahad ng pangunahing buod o *Executive Summary* ng plano ukol sa pakikipag-ugnayan sa mga Kasaping-Grupo o *Stakeholder Engagement Plan (SEP)* sa Pilipinas bilang isang bahagi ng proyekto ng WWF GEF na 'Blue Horizon: Ocean Relief through Seaweed Aquaculture' (GEF ID: 10573). Ang pangunahing buod na ito, kasama ng pangunahing buod ng pangkalikasan at panlipunang balangkas o *Environmental and Social Monitoring Framework (ESMF)* ay isanalin sa wikang Filipino mula Inggles.

Ang buong tekstong nasa wikang Inggles ay matatagpuan sa website ng SEAFDEC, BFAR at ahensiya ng WWF GEF. Ang nakalimbag na kopya ng mga isinaling pangunahing buod ng ESMF at SEP ay ilalagay sa mga akimang lugar pampubliko gayundin sa mga tanggapan ng SEAFDEC at BFAR.

1. Panimula

Inilahad ng Kabanata 1 ang konteksto ng bansa, ang mga tanawing-kalupaan at tanawing-dagat o *land- at seascapes* na ginagalawan ng proyekto, ang mga benepisyong pangkalikasan, panlipunan, at ekonomikal mula sa akwakultura ng halamang-dagat o *seaweeds*, at ang layunin ng proyekto. Nilalayon ng proyekto na "makalikha ng mga bago at likas-kaya o *sustainable* na daluyang-halaga o *value chains* para sa halamang-dagat na makapaghahatid ng mga serbisyong pang-ekosistema at makapagdudulot ng mga benepisyong sosyo-ekonomikal." Ito ay makakamit sa pamamagitan ng apat na bahagi o komponent:

- 1. Pagbuo o pagpapatibay ng kakayahan sa rehiyon para sa akwakultura ng halamang-dagat.** Ang SEAFDEC Governing Council ay bubuo ng isang Rehiyonal na Gabay para sa Akwakultura ng Halamang-Dagat o *Regional Guide for Seaweed Aquaculture* na lilikha ng mga pamantayan para sa akwakultura ng halamang-dagat na inangkop sa rehiyon at sumasaklaw sa

pang-operasyon, pangkalikasan, at pang-konsumer na kaligtasan, at mga pagsasanay at pagbubuo ng kakayahan upang parehong suportahan ang plano at pagpapatibay ng mga pamantayan.

2. **Mga Kalagayang Makapagpapagana sa Akwakultura ng Halamang-dagat/ Seaweeds sa Pilipinas at Viet Nam.** Bubuuin ang isang balangkas ng pamamahala na maglalaman ng patakaran, regulasyon, at teknikal na mga alituntunin para sa akwakultura ng halamang-dagat (kabilang ang akwakultura ng halamang-dagat sa mga lugar na malayo sa mga baybayin o tinatawag na *offshore seaweed farming*). Susuportahan ng proyekto ang mga proseso upang matukoy ang mga angkop na lugar para mapalawak ang sakop ng halamang-dagat/*seaweed* o *seaweed expansion*, na may kaakibat na mga plano at mekanismo ng koordinasyon (probinsiya/pambansa/rehiyonal/pandaigdigang) upang suportahan ang komponent na ito.
3. **Daluyang-Halaga para sa Halamang-Dagat/Seaweed Value Chains (produksyon + pagproseso).** Ang proyekto ay makikipagtulungan sa mga prodyuser (na iorganisa bilang mga asosasyon o kooperatiba) upang sumubok ng mga tanimang-akwakultura sa mga lugar na mas malayo kaysa sa kasalukuyang mga lugar (ibig sabihin, sa labas ng baybayin o nasa gitna ng karagatan). Susuportahan din ng proyekto ang mga hakbangin sa *value chain* o daluyan ng halaga ng produksyon at pagpoproseo ng halamang-dagat sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga bagong *biorefinery* at mga solusyon sa pagpoproseso na mas malapit sa lugar ng produksyon, upang parehas na maparami ang mga benepisyong pang-kabuhayan para sa mga nagtatanim ng halamang-dagat sa mga baybayin at upang bumuo ng mga merkado o pamilihan para sa mga *value-added seaweed products* o produkto mula sa halamang-dagat na pinroseso at pinaghusay upang magkaroon ng karagdagang halaga.
4. **Pamamahala ng Kaalaman/Knowledge Management, Pagsubaybay at Pagsusuri/M&E at IW Learn (rehiyonal).** Susubaybayan ang mga gawain ng proyekto at ipaaalam sa maraming pamamaraan o *channel*, kabilang ang IW: LEARN. Gagamitin at palalawakin ng proyekto ang kasalukuyang *baseline* o mga panimulang gawain o aktibidad sa industriya ng halamang-dagat sa Pilipinas at Viet Nam para isulong ang interes ng mga nagtatanim ng halamang-dagat at ng kanilang mga komunidad at palaguin ang pandaigdigang merkado ng halamang-dagat sa isang likas-kaya o *sustainable* at responsableng paraan.

2. Mga Regulasyon at Kinakailangan

Ang WWF-US, bilang GEF Project Agency, ay responsable para sa pangangasiwa. Ang pangunahing ahensyang tagapagpatupad o *Lead Executing Agency* ay ang Southeast Asian Fisheries Development Center, at ang pambansang ahensyang tagapagpatupad sa Pilipinas o *Philippines National Executing Agency* ay ang Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR). Bilang tatanggap ng pondo mula sa GEF, ang ahensyang tagapagpatupad ay dapat na sumunod sa Environmental and Social Safeguards Framework ng WWF-US, kabilang ang Plano sa Pakikipag-ugnayan sa mga Kasaping-Grupo o *Stakeholders*, gaya ng nakadetalye sa dokumentong *Environmental and Social Safeguards Integrated Policies and Procedures*. Kung naaangkop pa rin rito, susundin ng proyekto ang mga restriksiyong ipinag-uutos ng gobyerno at aayon sa mga alituntunin at pag-iingat mula sa mga

ahensya ng pampublikong kalusugan, upang protektahan ang mga empleyado mula sa impeksyon at maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 virus sa buong buhay ng proyekto.

3. Ang Mga Kasaping-Grupo/*Stakeholder* ng Proyekto

Idinetalye ng Kabanata 3 ang mga kasaping-grupo/*stakeholder* ng proyekto kasama ang mga entidad ng pambansang pamahalaan, mga administrasyong sub-nasyonal ng pamahalaan, NGO, multilateral na organisasyon, mga organisasyong naka-base sa komunidad, lokal na komunidad, pribadong sektor, at akademya. Ang bawat natukoy na kasaping-grupo/*stakeholder* at ang kanilang mga epekto sa proyekto ay inilalarawan sa kani-kanilang kategorya.

4. Buod ng anumang mga nakaraang ugnayang-gawain sa mga Kasaping-grupo/*Stakeholder*

Inilalarawan ng Kabanata 4 ang mga nakaraang konsultasyon sa mga local na kasaping grupo/*stakeholders*.

5. Plano sa Pakikipag-ugnayan sa Kasaping-grupo/*Stakeholder*

Ang layunin ng Plano sa Pakikipag-ugnayan sa mga Kasaping-Grupo o *Stakeholder Engagement Plan* na ito ay matiyak ang angkop at tuloy-tuloy na paglahok ng mga kasaping-grupo/*stakeholders* ng proyekto sa bawat yugto ng pagpapatupad ng proyekto, pagsuporta sa epektibong komunikasyon at mga ugnayan sa trabaho. Titiyakin ng PH National Project Management Unit (N-PMU) ng Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR) na ang mga pananaw at ambag ng mga kasaping-grupo/*stakeholder* ay maisasaalang-alang sa buong panahon ng pagpapatupad ng proyekto.

Uri ng Kasaping-Grupo (Stakeholder)	Pangalan	Mga interes at ambag (<i>stake</i>) sa proyekto	Dalas ng Pakikipag-ugnayan/ Taon ng Proyekto	Mga Gawaing-Ugnayan (<i>Engagement</i>) sa Panahon ng Pagpapatupad ng Proyekto
Pamahalaang Sentral	DENR – FASPS	<ul style="list-style-type: none"> ● Koordinasyon para sa mga proyektong pinondohan ng ibang bansa ● Magsilbing tagapayo ng proyekto ● Tumulong sa pagsubaybay at pagsusuri (monitoring and evaluation) ng mga resulta ng proyekto 	Taon 1,2,3,4	<ul style="list-style-type: none"> ● Pag-ugnayin at makipag-ugnayan sa mga rehiyonal/lokal na tanggapan at mga kasaping-grupo ng DENR ● Tustusan ang mga pinansyal na pangangailangan ng mga gawain na may kaugnayan sa proyekto, lalo na tungkol sa pangangalaga ng samu't saring buhay o <i>biodiversity</i> ● Tumulong sa mga tanggapang pangrehiyon ng DENR at iba pang mga lokal na katuwang sa proyekto na sangkot sa pangkabuhayang halamang-dagat para sa pagpapaunlad ng trabaho at komunidad ● Tumulong sa pagsubaybay at pagsusuri sa progreso at pagsasakatuparan ng proyekto sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga ulat ng pangkat o team na bumubuo sa proyekto
	NFRDI	<ul style="list-style-type: none"> ● Pananaliksik at pagpapaunlad (<i>Research and development</i>) ● Magbigay ng suportang teknikal para sa mga nagtatanim ng halamang-dagat at iba pang mga sangkot sa mga pagsasanay sa industriya ng halamang-dagat at mga gawain 	Taon 1,2,3,4	<ul style="list-style-type: none"> ● Magbigay ng gabay at suporta para sa pagpapaunlad ng daluyang-halaga/value chain ng halamang-dagat ● Tumulong sa pagsasanay at pagbuo ng kapasidad para sa paggamit ng bagong teknolohiya at mga daluyang-halaga/value chain ● Mag-ambag sa pagbuo ng mga produkto ng kaalaman (ibig sabihin, mga <i>toolkit</i>,

		para sa pagbuo ng kapasidad		mga materyales sa pagsasanay)
	DA-BAFS	<ul style="list-style-type: none"> ● Maglabas ng mga patakaran sa kalidad ng halamang-dagat ● Pagbibigay ng impormasyon at suportang teknikal sa kalidad ng halamang-dagat 	Taon 1 at 2	<ul style="list-style-type: none"> ● Magbigay ng suportang teknikal sa mga pamantayan para sa halamang-dagat ● Magbigay ng mga materyales para sa mga pagsasanay at pagbuo ng kapasidad ukol sa kalidad ng halamang-dagat ● Magsagawa ng mga aktibidad sa pagbuo ng kapasidad, mga pagsasanay, atbp.
	NSTDC	<ul style="list-style-type: none"> ● Pagbuo ng patakaran ● Magbigay ng pinansyal at teknikal na suporta para sa mga nagtatanim ng halamang-dagat at iba pang mga kasangkot sa industriya ng halamang-dagat 	Taon 1,2,3,4	<ul style="list-style-type: none"> ● Magbigay ng suportang teknikal para sa pagpaparami ng punla ● Makilahok sa pagsubaybay at pagsusuri ng proyekto ● Magbigay ng teknikal na kadalubhasaan sa pagsusuri ng <i>phyco colloid</i> ● Magbigay ng mga pagsasanay para sa pagproseso ng pagkaing halamang-dagat
	DTI-EMB	<ul style="list-style-type: none"> ● Impormasyon para sa marketing ● Promosyon ng produkto ● Suportahan ang pagpapatupad ng mga patakaran/mga alituntunin 	Taon 3 at 4 Tuwing kalahating taon	<ul style="list-style-type: none"> ● Magbigay ng impormasyon sa merkado at magtatag ng ugnayan sa mga prospektibong merkado o inaasahang bibli ● Pagtutugma ng produkto (ibig sabihin, pagtugmain ang produkto sa prospektibong merkado) ● Mag-ambag tuwing panahon ng pagsubaybay at pagsusuri (<i>monitoring and evaluation</i>)

	DTI-BOI	<ul style="list-style-type: none"> ● Pagsulong ng industriya at mga pamumuhunan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga insentibong piskal at hindi piskal ● Magbalangkas at sumuporta sa pagpapatupad ng mga patakaran ukol sa pagbuo at pagmamarket ng produkto 	Taon 3 at 4 Tuwing kalahating taon	<ul style="list-style-type: none"> ● Siguraduhin ang mataas na antas ng suporta para sa proyekto ● Kasamang bigyan ng pondo ang ilang mga gawaing kaugnay sa mandato ng Kawanihan ● Isulong ang pagpapaunlad ng produkto
Pamahalaang Panlalawigan at Bayan	PENRO	<ul style="list-style-type: none"> ● Pagbuo ng patakaran at suporta ● Pangangalaga sa kapaligiran at pangangalaga sa saribuhay 	Taon 1,2,3,4 Tuwing kalahating taon	<ul style="list-style-type: none"> ● Magbigay ng gabay at suporta para sa pagpapaunlad ng <i>seaweed value chain</i> ● Subaybayan ang mga epekto ng proyekto lalo na sa mga tuntunin ng pangangalaga sa kapaligiran at pag-iingat ng saribuhay
	CENRO	<ul style="list-style-type: none"> ● Pagbuo ng patakaran at suporta ● Proteksyon sa kapaligiran at konserbasyon ng saribuhay (nagtatrabaho kasama ng mga munisipal at probinsyal na tanggapan ng kapaligiran at likas na yaman) 	Taon 1,2,3,4 Tuwing isang-kapat ng taon	<ul style="list-style-type: none"> ● Magbigay ng gabay at suporta para sa pagpapaunlad ng <i>seaweed value chain</i> ● Subaybayan ang mga epekto ng proyekto, lalo na sa mga tuntunin ng pangangalaga sa kapaligiran at pag-iingat ng saribuhay
	PCSD	<ul style="list-style-type: none"> ● Patakaran, pagbabahagi ng kaalaman, at adbokasiya 	Taon 1 hanggang 4	<ul style="list-style-type: none"> ● Magbigay ng suportang teknikal para sa mga aktibidad na may kaugnayan sa zoning

		(pangkapoligiran , saribuhay, pagbubukod o <i>zonation</i> , at paggamit ng yaman) ● Regulasyon at suportang teknikal (<i>Zoning</i>)	Tuwing kalahating taon	● Tiyakin na ang lugar ng proyekto ay naaayon sa mapa ng paggamit ng lokal na yaman, <i>zoning</i> , at ECAN
	MAO	● Pagbuo ng patakaran at suporta para sa mga mangingisda at mga taga-tanim ng halamang-dagat/ <i>seaweed</i>	Taon 1-4 Tuwing kalahating taon	● Magbigay ng suportang pangpatakaran at teknikal tungkol sa pamamahala ng mga yamang baybayin at yamang dagat sa loob ng hurisdiksyon ng munisipalidad ○ pagtatalaga ng lugar ng proyekto ○ mag-ambag sa pagbuo ng mga plano, aktibidad, mga patakaran, at estratehiya ukol sa pagtanim ng halamang-dagat/ <i>seaweed</i> , pagpapakilala ng bagong teknolohiya, pagpapaunlad ng kapasidad para sa mga taga-tanim ng halamang-dagat/ <i>seaweed</i> ○ tumulong sa pangangasiwa, pagsubaybay at pagsusuri ng mga resulta ng proyekto
	FARMC	● Nagbibigay ng kolektibong plataporma para sa mga taga-tanim ng halamang-dagat/ <i>seaweed</i> (at mga mangingisda)	Taon 1,2,3,4 Tuwing isang-kapat ng taon	● Magbigay ng suporta sa patakaran para sa mga taga-tanim ng halamang-dagat/ <i>seaweed</i> ● Pag-ugnayin ang mga taga-tanim ng halamang-dagat/ <i>seaweed</i> sa lokal na pamahalaan at iba pang mga katawan ng pamahalaan
Mga CBO	NPFC	● Nagbibigay ng kolektibong plataporma para	Taon 1 hanggang 4	● Mga pangunahing koordineytor ng proyekto (ibig sabihin, mga tatanggap)

		<p>sa mga taga-tanim ng halamang-dagat (at mga mangingisda) sa hilagang Palawan</p> <ul style="list-style-type: none"> • Suporta sa mga taga-tanim ng halamang-dagat/<i>seaweeds</i> para sa pagdadala sa merkado ng kanilang produkto 	Tuloy-tuloy	<p>ng proyekto) at benepisyaryo sa Roxas, Palawan</p> <ul style="list-style-type: none"> • Magbigay ng mga tauhan para sa pagpapatupad ng proyekto sa Roxas, Palawan
	ABSFA	<ul style="list-style-type: none"> • Nagbibigay ng kolektibong plataporma para sa mga taga-tanim ng halamang-dagat/<i>seaweeds</i> (at mga mangingisda) sa Buenavista, Zamboanga City • Suporta sa pagmamarket para sa mga taga-tanim ng halamang-dagat/<i>seaweeds</i> 	<p>Taon 1 hanggang 4</p> <p>Tuloy-tuloy</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Mga pangunahing tagapag-ugnay o <i>coordinator</i> ng proyekto (ibig sabihin, mga tatanggap ng proyekto) at benepisyaryo sa Zamboanga City • Magbigay ng mga tauhan para sa pagpapatupad ng proyekto sa Zamboanga City
Mga komunidad, kabilang ang mga grupo na nasa laylayan na lipunan o <i>marginalized group</i> (ibig sabihin, mga IP/ <i>indigenous people</i> , kababaihan)	Mga komunidad at mga grupong nasa laylayan sa Green Island, Roxas, Palawan	<ul style="list-style-type: none"> • Karamihan sa mga kabahayan sa Green Island ay nakikibahagi sa pagtanim ng halamang-dagat • Ang mga pinagkukunang-yaman (ibig sabihin, lugar sa baybayin at karagatan) ay sama-samang 	<p>Taon 1 hanggang 4</p> <p>Tuloy-tuloy</p>	<p>Ang komunidad sa Green Island ay isasangguni at kasama sa paggawa sa buong panahon ng proyekto, partikular para sa ika-2 at ika-3 na bahagi/component. Kabilang dito ang:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Ang mga serye ng mga konsultasyong-pagpupulong ay isasagawa sa Taon 1, tungkol sa (a) pinagmulan ng proyekto at mga aktibidad; (b) pag-apruba ng

		<p>pinapakinabangan ng lahat ng sambahayan, kabilang ang mga grupong nasa laylayan tulad ng mga IP (ibig sabihin, Cuyunon) at mga kababaihan</p> <ul style="list-style-type: none"> ● Karamihan sa mga miyembro ng NPFC ay mula sa munisipalidad ng Roxas, partikular sa Green Island ● Ang Green Island ay isang pangunahing lugar ng produksyon ng halamang-dagat/<i>seaweeds</i> sa munisipalidad ng Roxas 		<p>lokasyon ng pang-unang lugar-taniman ng halamang-dagat; (c) <i>seaweed carrageenan roadmap</i> at PNS; (d) pagbabalangkas ng plano sa pagtanim at teknolohiya sa pagtanim (Mga aktibidad sa ilalim ng <i>Output 2.1.1</i>)</p> <ul style="list-style-type: none"> ● Ang mga komunidad ay lalahok din sa mga pag-aaral ng mga posibilidad na gawain o <i>feasibility studies</i> para sa paggamit ng mga bagong <i>seaweed value chain</i> at sa panahong ang mga hakbanging ito ay naisapinal at naipatupad na (<i>Output 3.1.2</i>) ● Paghanap at pagpili ng mga kasamang tagapangasiwa at mga manggagawa sa taniman at mga pagsasanay sa pagpapatakbo ng taniman at magkaugnay na at sama-samang pamamahala (<i>Output 3.1.1</i>) ● Nagtatakda ang <i>Environmental and Social Management Framework</i> at <i>Gender Action Plan</i> o ang plano para sa mga gawaing may perspektibo ng mga kasarian, ng mga tukoy na aktibidad upang matiyak na ang mga grupong nasa laylayan (ibig sabihin, mga kababaihan, mga IP) ay makasama sa buong panahon ng proyekto.
	Mga komunidad at <i>marginalized group</i> sa Buenavista,	<ul style="list-style-type: none"> ● Ang mga komunidad ay kasama sa pagtanim ng <i>seaweed</i> 	Taon 1 hanggang 4 Tuloy-tuloy	Ang komunidad sa Buenavista, Zamboanga City ay isasangguni at kasama sa paggawa sa buong panahon

	Zamboanga City	<ul style="list-style-type: none"> • Ang Aplaya Buenavista Seaweed Farmers' Association (ABSFA) ay binubuo ng iba't ibang katutubong Pilipino o <i>indigenous people</i> (ie, Yakan, Subanon, Kalibugan, Tausug, Banguingui, at Sinama-Bajau) • Ang BFAR IX ay nakipag-ugnayan sa ABSFA at mga komunidad sa kanilang iba't ibang aktibidad 		<p>ng proyekto. Kabilang dito ang:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Ang mga serye ng mga pagpupulong sa konsultasyon ay isasagawa sa Taon 1 tungkol sa (a) pinagmulan ng proyekto at mga aktibidad; (b) lokasyon ng pang-unang lugar-taniman ng halamang-dagat; (c) <i>seaweed carrageenan roadmap</i> at PNS; at (d) pagpili ng mga kasamang tagapangasiwa at mga manggagawa sa taniman • Serye ng mga pagsasanay para sa pagbabago ng organisasyon (ibig sabihin, ABSFA) upang maging isang kooperatiba tulad ng nakasaad sa ilalim ng <i>Output 3.2.2</i> • Nagtatakda ang <i>Environmental and Social Management Framework</i> at <i>Gender Action Plan</i> ng mga tukoy na aktibidad upang matiyak na ang mga grupong nasa laylayan (ibig sabihin, mga kababaihan, mga IP) ay kasama sa buong panahon ng proyekto.
Pribadong sektor	Brabender GMBH & Co. KG	<ul style="list-style-type: none"> • Pananaliksik at pagpapaunlad • Suportahan ang inisyatiba para sa bagong <i>value chain</i> 	Taon 1-4 Tuloy-tuloy	<ul style="list-style-type: none"> • Mga kagamitan sa pagsukat upang matukoy ang kalidad ng halamang-dagat bago ang proseso ng pagsasama ng iba't ibang bahagi o <i>extrusion</i> • Mga kagamitan sa pagproseso ng tuyong halamang-dagat para maging <i>seaweed compound granules</i>

				<ul style="list-style-type: none"> ● Magbigay ng pagsasanay at konsultasyon sa kooperatiba ng taga-tanim ng halamang-dagat upang mapalawig ang lokal na pagpoproseso ng halamang-dagat ● Pakikipagtulungan sa pang-unang proyektong <i>biorefinery</i> kabilang ang kagamitan (<i>pilot scale plant</i>) at pagsasanay ng mga magpapatakbo nito.
	Coast4C	<ul style="list-style-type: none"> ● Suportahan ang pagpapaunlad ng kabuhayan ng mga taga-tanim ng halamang-dagat sa pamamagitan ng pagbibigay ng suportang teknikal para sa pagtatanim at pagmermerkado ● Pagsubaybay sa mga negatibong epekto sa kapaligiran at lipunan ng pagtatanim ng halamang-dagat/<i>seaweeds</i> ● Suportahan ang pagpapahusay ng produkto ● Pag-unlad ng teknikal at di-teknikal na pagbabago o inobasyon ● Pagbuo ng pagiging katanggap-tanggap sa 	Taon 1-4 Nagpapatuloy	<p>Ang Coast4C ay isang katuwang sa proyekto, at tatanggap ng mga pondo sa ilalim ng proyekto. Gagawin ng Coast4C ang mga sumusunod na aktibidad:</p> <ul style="list-style-type: none"> ● Magsagawa ng mga aktibidad na nakabatay sa komunidad tulad ng pagtatayo ng panlipunang imprastruktura, pagpapabilang sa lahat sa mga serbisyong pinansyal o <i>financial inclusion</i>, pagpapalano ng paggamit ng lugar kasama ang polisiya at praktis o <i>spatial planning</i> at pagsama nito sa mga protektadong bahagi ng dagat o <i>marine protected area</i>, pagtatayo ng imprastruktura na naaayon sa lebel ng komunidad, at pangasiwaan/suportahan ang mga <i>marine protected area</i>. ● Mag-ambag sa disenyo ng proyekto (ibig sabihin, teknolohiya sa pagtatanim ● Magbigay ng suportang teknikal upang subukan ang pagpapatupad/pagpapatakbo

		<p>lipunan at pulitika</p> <ul style="list-style-type: none"> ● Nagsasagawa ng mga aktibidad at pagsasanay sa pagpapaunlad ng kapasidad sa mga taga-tanim ng halamang-dagat at mga komunidad na nagtatanim ng halamang-dagat 		<p>o ng mga hakbangin upang mapataas ang kalidad at ani</p> <ul style="list-style-type: none"> ● Mag-ambag sa pagsubaybay at pagsusuri ng mga resulta ng proyekto (ibig sabihin, pagbabalangkas ng mga <i>toolkit</i>)
	Shemberg	<ul style="list-style-type: none"> ● Produksyon at pagmamarket ng <i>carrageenan</i> ● Pagbuo ng produkto at pagmamarket (hal., Pagluwas ng mga produktong naprosesong halamang-dagat) 	<p>Taon 2-4</p> <p>Tuwing kalahating taon</p>	<ul style="list-style-type: none"> ● Tagapayo sa paggawa at pagmamarket ng <i>carrageenan</i> ● Magbigay ng suporta sa pagmamarket sa mga taga-tanim ● Makipag-usap at makipag-ugnayan sa mga kasaping grupo ● Pagtanda ng kahusayan/<i>benchmarking</i> ng mga gawaing nakasanayan mula sa mga matagumpay na sustenableng programa ● Subaybayan at suriin sa pamamagitan ng mga pag-awdit ng supplier
	MCPI	<ul style="list-style-type: none"> ● Produksyon at pagmermerkado ng <i>carrageenan</i> ● Pagbuo at pagmermerkado ng produkto (hal., Pagluwas ng mga produkto mula sa naprosesong halamang-dagat/<i>seaweeds</i>) 	<p>Taon 2-4</p> <p>Tuwing kalahating taon</p>	<ul style="list-style-type: none"> ● Tagapayo sa paggawa at pagmermerkado ng <i>carrageenan</i> ● Magbigay ng suporta sa mga taga-tanim para sa kanilang gawaing pagmermerkado ● Makipag-usap at makipag-ugnayan sa mga kasaping-grupo ● Pagtanda ng kahusayan/<i>benchmarking</i>

		<ul style="list-style-type: none"> ● Suportahan ang pakikipag-ugnayan sa mga taga-tanim at mangangalakal ng halamang-dagat 		<p>ng mga gawaing nakasanayan mula sa mga matagumpay na sustenableng programa</p> <ul style="list-style-type: none"> ● Pag-subaybay at pagsusuri o <i>monitor and evaluate</i> sa pamamagitan ng mga pag-awdit ng kanilang mga tagapagtustos o <i>supplier audit</i>
Akademya	Palawan State University	<ul style="list-style-type: none"> ● Pananaliksik at pagpapaunlad ng produkto/ <i>research and development</i> sa mga <i>seaweed</i> ● Teknikal na tulong o suporta sa mga taga-tanim ng halamang-dagat ● Pagbibigay ng mga pasilidad ng pananaliksik at pagpapaunlad o R&D at iba pang mga aktibidad na kaugnay ng proyekto ● Pagbuo at pagbibigay ng magandang kalidad ng mga <i>propagule</i> 	Taon 1 hanggang 4 Tuwing isang-kapat ng taon	<ul style="list-style-type: none"> ● Mag-ambag sa pagpapalano at pagpapatupad ng proyekto (ibig sabihin, produksyon ng mga binhing pararamihin/<i>propagule</i>, pagtatatag ng mga taniman ng <i>seaweed</i> para sa paunang pagsusuri o <i>pilot testing</i>) ● Paglalaan ng mga pasilidad para sa mga aktibidad na kaugnay ng proyekto ● Mag-ambag sa pagsubaybay at pagsusuri/<i>monitoring and evaluation</i> ng proyekto ● Tulungan ang BFAR sa pagkuha at pagkilatis ng mga <i>propagule</i> na gagamitin sa mga lugar ng proyekto
	UP MSI/MERF	<ul style="list-style-type: none"> ● Pananaliksik at pagpapaunlad ng produkto/ <i>research and development</i> sa mga <i>seaweed</i> ● Pagpapahusay at pagbibigay ng mga <i>propagule</i> na may 	Taon 1-4 Tuwing isang-kapat ng taon	<ul style="list-style-type: none"> ● Magbigay ng datos na makakapaliwanag ukol sa <i>seaweed biology</i> at mga bagong kaalaman sa kasalukuyang pananaliksik ● Magmungkahi ng mga lugar para sa mga eksperimentong pananaliksik at

		magandang kalidad		<p><i>disenyo/research and design</i></p> <ul style="list-style-type: none"> ● Subaybayan at suriin/<i>monitor and evaluate</i> ang mga resulta ng proyekto ● Maaaring makapagbigay ng mga <i>propagule</i> na may magandang kalidad, kung kinakailangan
	University of San Carlos	<ul style="list-style-type: none"> ● Pananaliksik at pagpapaunlad ng produkto/<i>research and development</i> sa mga halamang-dagat ● Suportang teknikal para sa mga taga-tanim at iba pang mga kasaping-grupo 	Taon 1-4 Taon-taon	<ul style="list-style-type: none"> ● Mag-ambag sa pagpapalano at pagpapatupad ng proyekto (ibig sabihin, produksyon ng mga <i>propagule</i>, pagtatatag ng mga taniman ng halamang-dagat para sa paunang pag-aaral/<i>pilot testing</i>) ● Mag-ambag sa pagsubaybay at pagsusuri ng proyekto
Intergovernmental na organisasyon	SEAFDEC/AQD	<ul style="list-style-type: none"> ● Pananaliksik at pagpapaunlad ng produkto/<i>research and development</i> sa mga halamang-dagat ● Pagpapahusay at pagbibigay ng mga binhi/<i>propagule</i> na may magandang kalidad 		<ul style="list-style-type: none"> ● Magbigay ng suportang teknikal/kaalaman (<i>input</i>) sa mga pamamaraan ng pagtanim ng halamang-dagat, <i>tissue culture</i>, atbp. ● Tumulong sa biyolohikal (<i>biological</i>)/sosyo-ekonomikong pananaliksik ● Tumulong sa pagsubaybay at pagsusuri ng mga resulta ng proyekto ● Kung kinakailangan, maaaring makapagbigay ng <i>tissue culture</i> ng <i>K. alvarezii</i> upang dagdagan ang mga kinakailangang punla

6. Mga Regulasyon at Pananagutan

Ang WWF GEF *Project Agency* ang may pangunahing responsibilidad sa pangangasiwa. Ang *Lead Executing Agency* (SEAFDEC) at ang *Philippines National Executing Agency* (BFAR) ay magkatuwang na naatasan para sa pagpapatupad ng plano sa pakikipag-ugnayan sa mga kasaping-grupo o *Stakeholder Engagement Plan* (SEP) at pangkalahatang pagsunod sa pamantayan ng WWF para sa pakikipag-ugnayan sa mga kasaping-grupo o ang *WWF Standard on Stakeholder Engagement*. Isang tagapamahala o *Project Manager* ang kukunin para sa *Project Management Unit* na nasa SEAFDEC para matiyak ang pangkalahatang pagpapatupad ng *Stakeholder Engagement Plan* at pagsunod sa *WWF Standard on Stakeholder Engagement*.

Sa Pilipinas, magiging responsable ang BFAR sa pangangasiwa sa pakikipag-ugnayan ng kasaping-grupo sa mga komunidad at mga lokal na kaagapay o *partner*. Kukuha ang BFAR ng *Safeguards and Gender Specialist* na magiging responsable sa pagpapatupad ng *Stakeholder Engagement Plan* at *Gender Action Plan* at mag-uulat sa *BFAR PMU Project Manager*.

7. Mekanismo para sa mga Karaingan

Ang karaingan ay isang alalahanin o reklamo na inihain ng isang indibidwal o grupo na negatibong naapektuhan ng mga gawain/aktibidad ng proyekto. Ang Karaingan ay hindi: (a) Isang tanong o mungkahi para sa proyekto; o (b) Isang apela o kahilingan para sa tulong.

Parehong ang mga alalahanin at reklamo ay maaaring nagresulta mula sa mga totoong epekto o mula sa nasa isip lamang na mga epekto ng mga operasyon ng proyekto, at maaaring isampa sa parehong paraan at aasikasuhin sa parehong pamamaraan na nakabalangkas sa *Grievance Redress Mechanism* (GRM). Samakatuwid, ang isang epektibo at independiyenteng Mekanismo ng Pag-wawasto ng Karaingan, na nangangalap at tumutugon sa mga katanungan, mungkahi, alalahanin, at reklamo ng mga kasaping-grupo ay kinakailangan sa proyekto. Ang Proyekto ay maaaring magkaroon ng direkta at hindi direktang epekto sa isang malaking bilang ng mga komunidad at kasaping-grupong naninirahan sa loob o labas ng mga lugar ng pagpapatupadan ng proyekto.

Ang mga Layunin ng GRM

Ang mga layunin ng mekanismo ng karaingan ay:

- (i) Upang mabigyan ang mga kasaping-grupo ng isang malinaw na proseso para sa pagbibigay ng mga komento at pagpapaabot ng mga hinaing;
- (ii) Upang mabigyan ang mga kasaping-grupo ng pagkakataong maglabas ng mga komento o alalahanin nang hindi kailangang magpapakilala, sa pamamagitan ng mga pamamaraan ng pakikipag-ugnayan o *channel* na madaling maaabot;
- (iii) Upang buuin at pamahalaan ang pag-aasikaso sa mga komento, tugon at karaingan, at bigyang oportunidad ang pagsubaybay sa pagiging epektibo ng mekanismo; at

- (iv) Upang matiyak na ang mga komento, tugon at hinaing ay binibigyang atensyon sa patas at malinaw, lantad o hayag (*transparent*) na paraan.

Ang *Project Management Unit* ay magtatatag ng mga partikular na tungkulin at responsibilidad na may kaugnayan sa proseso sa ibaba, mula sa palihan sa pagsisimula ng proyekto o *project inception workshop*, para sa paglutas ng anuman at lahat ng mga karaingan na may kaugnayan sa proyekto. Lahat ng mga karaingan ay susuriin at tutugunan sa pamamagitan ng paggawa ng sulat sa loob ng 7 araw nang may opisyal na trabaho, pagkatapos na ito ay matanggap.

Mekanismo ng Resolusyon sa para sa mga Karaingang nasa Lebel ng Bansa

Ang GRM ay kabilang sa mahalagang bahagi ng Proyekto at tutulong sa PMU sa pagtukoy at pagtugon sa mga pangangailangan ng mga lokal na komunidad. Ang parehong mga reklamo at tugon ay dapat itala sa *Grievance Register* o rehistro ng karaingan para masubaybayan. Kung ang naghahabol ng resolusyon ay hindi nasiyahan sa tugon, ang karaingan ay maaaring iapela sa pamamagitan ng sulat sa *focal point* sa D-Fish o sa WWF US GEF Agency. Ang mekanismo ng pagresolba sa karaingan sa lebel ng bansa ay bubuuin sa pagsisimula ng workshop at tatapusin sa unang tatlong buwan ng pagpapatupad ng proyekto.

Ang GRM ay dapat buuin bilang isang permanente at madaling abuting o magamit (*accessible*) na institusyonal na kasunduan para sa pagtugon sa anumang mga karaingang nagmumula sa pagpapatupad ng mga aktibidad ng proyekto. Nasa interes ng Proyekto na tiyakin na ang lahat ng mga karaingan o salungatan na may kaugnayan sa mga aktibidad ng Proyekto ay angkop na naresolba sa pinakamababang lebel na posible, nang hindi na aabot pa sa mas matataas na awtoridad o pagsisimulan pa ng mga pamamaraan sa korte. Ang Mga Komunidad na Apektado ng Proyekto ay hinihikayat na lumapit sa GRM ng Proyekto para sa pag-aayos ng mga hindi pagkakaunawaan.

Mga Prinsipyo ng GRM at Uri ng mga Karaingan

Kabilang dito ang pitong hakbang na inilarawan sa ibaba at magpapakita ng isang tipikal na mekanismo ng pagtugon sa karaingan. Ang GRM ay dapat gumana batay sa mga sumusunod na prinsipyo:

- (i) *Pagkamakatarungan*: Ang mga hinaing ay tinatasa nang walang kinikilingan at tinutugunan nang malinaw at hayag.
- (ii) *Obhektibo at may kalayaan*: Ang GRM ay gumagana nang malaya at bukod sa lahat ng interes ng mga partido upang magarantiya ang patas, obhektibo at walang kinikilingang pagtrato sa bawat kaso.
- (iii) *Ang pagiging simple at pagiging kaabot-abot*: Simple lamang ang mga pamamaraan para maghain ng mga hinaing at humingi ng aksyon kaya madali itong maunawaan ng mga magbebenepisyo sa proyekto.
- (iv) *Kakayahang tumugon at kahusayan*: Ang GRM ay idinisenyo upang tumugon sa mga pangangailangan ng lahat ng nagrereklamo. Alinsunod dito, dapat sanayin ang mga opisyal na humahawak ng mga karaingan para makagawa ng epektibong aksyon, at mabilis na tumugon sa mga hinaing at mungkahi.
- (v) *Mabilis at proporsyonalidad o balanse sa pagitan ng reklamo at aksyon*: Lahat ng mga hinaing, simple man o kumplikado, ay tinutugunan at naresolba sa lalong madaling

panahon. Ang aksyon sa mga hinaing o mungkahi ay mabilis, di-matitinag, at nakapagpapabuti.

- (vi) *Pakikilahok at pagiging inklusibo*: Ang malawak na hanay ng mga apektadong tao – partikular na ang mga komunidad at mga *vulnerable groups* o ang mga nangangailangan ng dagdag na proteksyon – ay hinihikayat na magpaabot ng kanilang mga hinaing at komento, sa atensyon ng mga nagpapatupad ng proyekto. Espesyal na atensyon ang ibibigay upang matiyak na ang mga mahihirap at ang mga grupong nasa laylayan, kabilang ang mga may espesyal na pangangailangan, ay makakagamit ng GRM.
- (vii) *Pananagutan at pagkukumpleto ng feedback loop*: Ang lahat ng mga karaingan ay maitatala at susubaybayan, at walang karaingan ang mananatiling hindi nareresolba. Ang mga nagrereklamo ay palaging aabisuhan at makakakuha ng mga paliwanag tungkol sa mga resulta ng kanilang reklamo. Ang opsyon sa pag-apela ay laging naririyang upang gamitin.

Maaaring kabilang sa mga reklamo, ngunit hindi limitado sa, ang mga sumusunod na isyu:

- a) Mga paratang ng pandaraya, maling gawain o katiwalian ng mga kawani o iba pang kasaping-grupo, na bahagi ng anumang proyekto o aktibidad na pinondohan o ipinatupad ng Proyekto;
- b) Pangkalikasan at/o panlipunang damyos/pinsala dulot ng mga proyektong pinondohan o ipinatupad (kabilang ang mga kasalukuyang isinasagawa) ng Proyekto;
- c) Mga reklamo at hinaing ng mga permanenteng o pansamantalang manggagawa na nakikibahagi sa mga aktibidad ng proyekto.

Ang mga reklamo ay maaaring may kaugnayan sa *resource efficiency* o kahusayan sa paggamit ng lahat ng materyales natural man o tekno-ekonomikal para makuha ang pinakasukdulang benepisyo habang pinaliliit ang konsumpsyon at mga maaaring masayang; negatibong epekto sa kalusugan ng publiko, kapaligiran o kultura; pagkasira ng mga likas na tirahan; hindi matimbang na epekto sa mga grupong nasa laylayan at bulnerable; diskriminasyon o panliligalig; paglabag sa mga ipinapatupad na batas at regulasyon; pagkasira ng pisikal at kultural na pamana; o anumang iba pang isyu na negatibong nakakaapekto sa mga komunidad o indibidwal sa mga lugar ng proyekto. Ipatupad ang mekanismo ng pagtugon sa karaingan sa paraang sensitibo sa kultura at makapagpapadali ng paggamit para sa mga bulnerableng populasyon.

Mga Pamamaraan ng GRM

Ang Proyekto ay pangasiwaan ng PMU. Ang Safeguards & Gender Specialist ang mamamahala sa pagpapatakbo ng GRM sa PMU at magiging responsable sa pagkolekta at pagproseso ng mga karaingan na nauugnay sa mga aktibidad sa tanawing-lupa o *landscape*. Ang GRM ay gagana ayon sa mga sumusunod na pamamaraan.

1. *Pagsusumite ng mga reklamo*: Ang mga taong Apektado sa Proyekto o mga interesadong kasaping-grupo ay maaaring direktang magsumite ng mga hinaing o reklamo sa PMU sa pamamagitan ng iba't ibang mga daluyan o pamamaraan ng komunikasyon, tulad ng telepono, regular na koreo, *text messaging/SMS*, o personal, o sa pamamagitan ng pagbisita sa mga lokal na opisina ng PMU . Mahalagang mapagana ang dalawang magkahiwalay na paraan para sa pagsusumite ng reklamo upang matiyak na ang mga taong apektado ng proyekto ay may sapat

na pagkakataon na magsampa ng kanilang mga reklamo sa walang kinikilingan at neutral na mga awtoridad.

2. *Pagproseso ng mga reklamo:* Ang lahat ng mga hinaing na isinumite sa PMU ay dapat irehistro at isaalang-alang. Dapat magbigay ng *tracking registration number* sa lahat ng nagrereklamo. Upang mapadali ang pagsisiyasat, ang mga reklamo ay ikakategorya sa apat na uri: (a) mga reklamo na may kaugnayan sa hindi pagganap sa mga obligasyon ng Proyekto at mga reklamong nauugnay sa mga pananggalang; (b) mga reklamo na tumutukoy sa paglabag sa batas at/o katiwalian habang nagpapatupad ng mga aktibidad sa proyekto; (c) mga reklamo laban sa mga awtoridad, opisyal o miyembro ng komunidad na kasangkot sa pamamahala ng Proyekto; at (d) anumang mga reklamo/isyu na hindi nabibilang sa mga kategorya sa itaas.
3. *Pagkilala sa pagtanggap ng mga reklamo:* Kapag naisumite na ang isang karaingan, kikilalanin ng *Safeguards & Gender Specialist* sa PMU ang pagtanggap nito, ipaalam sa nagrereklamo ang proseso ng pagresolba sa karaingan, ibibigay ang mga detalye para sa pakikipag-ugnayan sa taong naatasang humawak ng hinaing, at magbibigay ng isang numero ng rehistrasyon na tutulong sa nagrereklamo para masubaybayan ang katayuan ng kanyang reklamo.
4. *Pagsisiyasat ng mga reklamo:* Ang *Safeguards & Gender Specialist* sa PMU ay mangangalap ng mahahalagang impormasyon, magsasagawa ng mga pagbisita sa lugar kung kinakailangan, at makipag-ugnayan sa lahat ng kasaping-grupo may kinalaman sa usapin, bilang bahagi ng proseso ng pagsisiyasat ng reklamo. Titiyakin ng PMU na magsasagawa sa imbestigasyon na ang mga imbestigador ay neyutral at walang anumang taya sa resulta ng imbestigasyon. Isang nakasulat na tugon hinggil sa lahat ng mga karaingan ang ibibigay sa nagrereklamo sa loob ng 10 araw ng trabaho o *working days*. Kung kinakailangan ang karagdagang pagsisiyasat, ang nagrereklamo ay aabisuhan nang naaayon at ang huling tugon ay ibibigay pagkatapos ng karagdagang panahon ng 10 araw ng trabaho. Ang karaingang hindi maresolba sa lebel ng mga awtoridad/opisinang tumanggap ng karaingan ay dapat na isangguni at ipasa sa mas nakakataas para sa beripikasyon at karagdagang imbestigasyon.
5. Kung ang karaingan ay nauugnay, sa anumang paraan, sa pag-uugali o pagkilos ng *Safeguards & Gender Specialist*, maaari itong direktang isumite sa *Project Manager*, isa pang miyembro ng PMU, o maaari itong direktang isumite sa WWF GEF Agency.
6. *Apela:* Kung sakaling hindi nasiyahan ang mga partido sa tugon na ibinigay ng GRM, makakapagsumite sila ng apela sa D-Fish *focal point*, sa SEAFDEC PMU, o WWF GEF Agency sa loob ng 10 araw mula sa petsa ng pagsusumite.
7. *Pagsubaybay at pagsusuri:* Maghahanda ang *Safeguards & Gender Specialist* ng mga *semi-annual* o tuwing ikalahating-taong ulat na may buong impormasyon tungkol sa mga karaingan na natanggap at ang kanilang katayuan sa pagsisiyasat, na isusumite naman ng Project Manager sa WWF GEF Agency at SEAFDEC PMU bilang bahagi ng regular na pag-uulat ng progreso ng proyekto.

Ang impormasyon tungkol sa mga *channel* o pamamaraang magagamit para sa pagtugon sa karaingan ay dapat na malawak na ipaalam sa lahat ng mga komunidad na apektado ng proyekto at sa lahat ng kasaping-grupo may kinalaman rito. Ang mga detalye sa pakikipag-ugnayan (pangalan, numero ng telepono, adres sa koreo at *email address*, atbp.) ng *Safeguards & Gender Specialist* sa Project PMU ay dapat malawakang ipagbigay-alam bilang bahagi ng lahat ng mga

pampublikong pagdinig at konsultasyon, sa lokal na media, sa lahat ng pampublikong lugar sa mga apektadong komunidad, o mga lugar na ginagalawan ng proyekto.

Ang GRM ay naglalayong umakma, sa halip na palitan, ang sistema ng hudisyal at iba pang mekanismo sa paglutas ng mga hindi pagkakaunawaan. Ang lahat ng nagrereklamo ay maaaring maghain ng kanilang hinaing sa mga lokal na korte o lumapit sa mga tagapamagitan o *arbitrator*, alinsunod sa batas ng Pilipinas. Bukod sa GRM na partikular sa proyekto, ang isang nagrereklamo ay maaari ring magsumite ng karaingan sa WWF GEF Agency.

Mekanismo sa Karaingan ng Ahensya ng WWF GEF

Ang mga komunidad na apektado ng proyekto at iba pang kasaping-grupong may interes sa usapin ay maaaring maghain ng hinaing anumang oras sa WWF GEF Agency. Ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng WWF GEF Agency ay isasa-publiko.

Maaaring magsampa ng karaingan sa *Project Complaints Officer (PCO)*, isang kawani ng WWF na ganap na independyente mula sa WWF GEF Agency, na syang responsable para sa *WWF Accountability and Grievance Mechanism* at maaaring maabot sa: *Email: SafeguardsComplaint@wwfus.org*.

Ang adres para sa koreo:

Project Complaints Officer Safeguards Complaints,
World Wildlife Fund 1250 24th Street NW
Washington, DC 20037

Ang mga reklamo ay maaaring isumite sa katutubong wika ng Apektadong Partido at dapat kasama ang sumusunod na impormasyon:

- Pangalan ng nagrereklamo at impormasyon kung saan makikipag-ugnayan;
- Kung hindi ang nagrereklamo ang direktang nagsampa ng karaingan, magbigay ng patunay na ang mga kumakatawan sa mga apektadong tao ay may awtoridad na gawin iyon;
- Ang partikular na proyekto o programa na may usapin;
- Ang pinsala na o maaaring idulot ng proyekto;
- Ang kaugnay na patakaran o probisyon sa *Environmental and Social Safeguards* (kung alam);
- Anumang iba pang nauugnay na impormasyon o dokumento;
- Anumang mga aksyon na ginawa na upang malutas ang problema, kabilang ang pakikipag-ugnayan sa WWF;
- Mga iminungkahing solusyon; at

- Kung hinihiling ang pagiging kumpidensyal (isaad ang mga dahilan).

Ang PCO ay tutugon sa loob ng 10 araw na may opisina pagkatapos itong matanggap, at ang mga paghahabol ay isasampa at isasama sa pagsubaybay sa proyekto.

Ang mga kasaping-grupo ay maaari ding magsumite ng reklamo *online* o sa telepono sa pamamagitan ng isang independiyenteng *third-party platform* sa <https://report.whistleb.com/en/wwf>.

8. Pagsubaybay at Pag-uulat

Ang pagsulong ng proyekto base sa plano sa pakikipag-ugnayan sa mga kasaping-grupo o SEP ay susubaybayan at iuulat sa buong panahon ng pagpapatupad. Ang mga sumusunod ay binubuo ng mga gawain sa pagsubaybay at pag-uulat na isasagawa habang kinikilala ang pakikipag-ugnayan sa kasaping-grupo ng SEAFDEC PMU sa lebel ng rehiyon at ng National PMU sa Viet Nam:

- Ang SEP ay pana-panahong susuriin at babaguhin kung kinakailangan sa isang taunang *Reflection Workshop*. Titiyakin ng pagsusuri na ang listahan ng mga kasaping-grupo ng proyekto at ang mga paraan ng pakikipag-ugnayan ay mananatiling angkop.
- Ang mga aktibidad na may kinalaman sa pakikipag-ugnayan ng kasaping-grupo ay idodokumento at iuulat ng PMU tuwing 6 na buwan sa isang ulat sa pagsulong ng proyekto o *Project Progress Report* (bilang bahagi ng regular na pag-uulat). Ang balangkas ng mga resulta ng proyekto o *Project Results Framework* at taunang plano at pondo sa gawain o *Annual Work Plan and Budget* ay susubaybay sa mga tumatanggap ng benepisyo ng proyekto at sa mga gawaing may kinalaman sa plano sa pakikipag-ugnayan sa mga kasaping-grupo o SEP.

Ang Pakikipag-ugnayan sa mga Kasaping-grupo ay susuriin ng mga *independent consultant* na napili para sa *midterm* at *terminal evaluation* o pagsusuri sa kalagitnaan ng proyekto at sapagtatapos nito.

Ang WWF GEF Agency ay magsasagawa ng taunang mga misyon bilang bahagi ng pangangasiwa upang matiyak ang pagsunod sa mga kasunduan, at taunang mag-uulat sa GEF hinggil sa progreso base sa plano sa pakikipag-ugnayan sa mga kasaping-grupo o SEP sa pamamagitan ng mga ulat sa pagpapatupad ng proyekto o *Project Implementation Reports*.

Pakitandaan na ang mga pangunahing buod ng SEP at ang kaugnay nitong buod ng pangkalikasan at panlipunang balangkas o *Environmental and Social Monitoring Framework (ESMF)* ay isinalin sa Filipino at maaaring makuha kasama ang buong teksto ng ESMF at SEP sa Inggles sa mga *website* ng SEAFDEC at BFAR, gayundin sa mga *website* ng WWF GEF Agency. Ang mga kopya sa papel ng isinalin na pangunahing buod ng ESMF at SEP ay ilalagay sa naaangkop na mga pampublikong lokasyon at sa SEAFDEC at BFAR.